

# Tinatanggap ang Lahat sa County ng Alameda

## Imigrasyon: Pag-unawa sa “Public Charge”



### Alamin ang Iyong Mga Karapatan!

#### Mga Mapagkukunan sa Komunidad:

- Bay Area Legal Aid (510) 663-4744
- Catholic Charities of the East Bay (510) 768-3100
- East Bay Community Law Center (510) 548-4040
- International Institute of the East Bay (510) 451-2846



### Naaangkop ba sa Akin ang “Public Charge” sa Proseso ng Imigrasyon? Hindi, Kung Ikaw Ay:

- Isang Citizen
- Isang Legal na Permanenteng Residente
- Isang Refugee
- Isang Asylee
- Isang Aplikante ng T-Visa
- Nag-a-apply ng o mayroong U-Visa
- Pinipetisyon ang sarili sa ilalim ng VAWA
- Nag-a-apply o nagrerehistro para sa TPS
- Isang Afghan at Iraqi na Espesyal na Imigrante
- Isang Special Immigrant Juvenile
- Indibiduwal na Binigyan ng Tulong sa Ilalim ng:
  - CAA, NACARA, HRIFA

Hindi kasama ang mga karagdagang kategorya ng mga imigrante. Pinapanatili ng panghuling panuntunan ang mga hindi kasamang ito. Ito ay hindi kumpletong listahan na para lamang magbigay ng impormasyon.



### Ano ang Ibig Sabihin Nito sa Aking Pamilya?

- Hindi ina-access ng pederal na pamahalaan ang mga sistema ng mga pampublikong benepisyo para sa pagpapatupad ng imigrasyon.
- Ang ibinahagi mong impormasyon para sa mga pampublikong benepisyo ay ginagamit LAMANG para sa pagtukoy ng pagiging karapat-dapat.
- Mahalagang patuloy kang tumanggap ng suporta na tumutulong sa iyong pamilya na maging malusog, magkaroon ng kakainin at maging ligtas sa iyong bahay.



# Ano ang Bagong Panuntunan ng Public Charge?

In-update noong: Enero 2020

Naglathala ang Pangasiwaan ng White House ng panghuling panuntunan na nagpapalawak sa kahulugan ng public charge” na ginagamit sa proseso ng imigrasyon. Ang public charge” ay isang tao na malamang na umasa sa pamahalaan para sa suporta. Nakadetalye sa ibaba sa listahan na nasa kulay dilaw kung aling mga programa ang isinasaalang-alang na ngayon ng pederal na pangasiwaan kapag nagpapasya. Noong Enero 27, 2020, inalis ng Korte Suprema ang utos na pumipigil sa paggawa ng partikular na aksyon sa buong bansa na nagpatigil sandali sa pagpapatupad ng panghuling panuntunan. Magkakabisa ito sa o pagkatapos ng Pebrero 24, 2020.

## Public Charge at Mga Pampublikong Benepisyo: Ano ang Ibig Sabihin Nito?



Ang mga programa sa berdeng kahon ay **HINDI** isinasaalang-alang sa pagsusuri ng public charge. Mangyaring patuloy na gamitin ang mga programang sumusuporta sa iyong pamilya.



Hinihikayat ka naming makipag-usap sa isang mapagkakatiwalaang abugado upang mas maunawaan ang epekto ng pag-access sa listahan ng mga pampublikong benepisy sa ibaba na nasa dilaw:



### Kalusugan:

- Medi-Cal (para sa Mga Bata at Buntis na Babae)
- Medicare
- Kapansanan



### Suporta sa Nutrisyon:

- WIC
- Almusal at Tanghalian sa Paaralan



### Mga Serbisyo sa mga Bata:

- Head Start
- Pangangalaga ng Bata
- Pampublikong Edukasyon



### Mga Serbisyo tungkol sa Trabaho:

- Walang Trabaho
- Worker’s Compensation
- Pederal at Pang-estadong Pagreretiro



### Suporta sa Kita:

- General Assistance
- CalWORKs
- SSI



### Kalusugan:

- Medi-Cal (para sa Mga Nasa Hustong Gulang)



### Suporta sa Nutrisyon:

- CalFresh



### Tulong sa Pabahay:

- Section 8 Voucher para sa Tulong sa Upa
- Section 8 na Tulong sa Upa na Base sa Proyekto
- Pampublikong Pabahay

**TANDAAN:** Ang Kagawaran ng Hustisya ay pinag-iisipan ang hiwalay na bagong panuntunan na may kaugnayan sa “public charge” at deportasyon. Hindi pa nailabas ang mungkahing ito, at hindi ito naaangkop sa impormasyon dito. Mahigpit naming sinusubaybayan ang isyung ito kasama ng mga tagapagtaguyod sa buong bansa, at magbibigay kami ng pinakabagong impormasyon sa lalong madaling panahon na magkakaroon nito.